Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF ROXAS**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-19 NA REGULAR SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 26 NOBYEMBRE 2007, GANAP NA IKA - 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

---

Present:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal King Philip B. Dimapilis - Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Absent:

Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay

---

KAPASYAHAN BLG. 091
Taong 2007

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG KGG. CARLITO R. AGUILON, BARANGAY KAGAWAD NG BARANGAY VICTORIA, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang pagpanaw sa daigdig ng isang kasama sa gawain sa paglilingkod ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKA'T si Kon. Carlito R. aguilon ay nagsilbi sa barangay ng Victoria bilang kagawad ng barangay mula Hunyo 1, 1997 hanggang sa oras na binawian siya ng buhay at sa panahong iyon ay ginampanan niya ng buong katapatan ang tungkuling iniatang sa kanya;

SAPAGKA'T sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging isang mabuting lingkod barangay;

SAPAGKA'T bilang isang mapagmahal na asawa at ama, ang pagpanaw ni Kon Carlito R. Aguilon ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang maybahay at sa kanyang mga anak;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ay nagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang pamilya at mga kaanak sa pagpanaw ni Kon. Carlito R. Aguilon.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa maybahay, mga anak at mga kaanak ng yumaong Kgg. Carlito R. Aguilon ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa maybahay, mga anak at mga kaanak ng yumao lakip ang mataos na pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 26 Nobyembre 2007

---

PINATUTUNAYANG WASTO:

for: [signature]
**FERDINAND V. TALENS, MPA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

for: [signature]
**VIOLETA L. DIMAPILIS**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo